

MAPEH

(MUSIC)

Ikaapat na Baitang – Modyul 3:

**Ang mga Hulwarang Ritmo
sa Simple Meters**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



Alamin

Inaayos ng mga musikero ang isang awitin sa pamamagitan ng pagpapaganda ng tunog at ritmo nito.

Gusto mo rin bang mag-ayos ng mga tunog at ritmo sa musika?

Gawin mo ito.

Mga Layunin sa Pagkatuto:

1. Nasasabi ang kahulugan ng iba't ibang hulwarang ritmo sa simple meters.

2. Napagsasama-sama ang mga nota at pahinga sa pamamagitan ng hulwarang ritmo ayon sa simple meters.

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang panuto sa bawat gawain, pagsasanay at pagtataya.
- Gumamit ng lapis sa pagguhit ng mga nota at pahinga



Subukin

Panuto: Iguhit ang angkop na nota sa bawat patlang upang mabuo ang tamang hulwarang ritmo.




Aralin**3****Ang mga Hulwarang Ritmo sa Simple Meters**

Ang mga nota at pahinga at ang kaukulang halaga nito ay nakatutulong sa pagbuo ng mga hulwarang ritmo. Mahalaga rin ang palakumpasan dahil dito nakabatay ang bilang ng kumpas sa bawat sukat.

***Balikan***

Panuto: Tingnan ang nakasulat na *numero* at salitang *and* sa ilalim ng bawat nota at pahinga, ito ay ang kumpas ayon sa simple meter na kinalalagyan nito. Bigkasin ang mga numerong ito sabay ang tamang kumpas ng bawat nota at pahinga sa bawat simple meter.





Tuklasin

Upang mas madaling matandaan ang tagal/halaga ng bawat nota , pwedeng gamitan ito ng katumbas na mga *pantig-silaba*. Bigyang pansin din ang katumbas na bilang sa ilalim ng bawat *pantig-silaba*.

Halimbawa:



Da-a-a-a
1, 2, 3, 4



Da-a
1, 2



Da
1



Di
1/2

1. Aling nota ang may pinakamahaba ang pagbigkas?
_____ Bakit? _____

2. Anong nota naman ang may pinakamaikli ang pagbigkas?
_____ Bakit? _____



Suriin

Bigyang-pansin ang sumusunod na mga *hulwarang ritmo*.

Pansinin ang mga *pantig-silaba* na makakatulong upang higit mo pang matatandaan ang tamang ritmo ng bawat nota.

Panuto:

Gawain 1. Tingnan sa ibaba ang sumusunod na ayos ng mga nota at pahinga na may angkop na *numero* at *pantig-silaba* nito.

Ang gagawin mo ay bigkasin ang *bilang* ng bawat nota sa tamang tagal nito.

Simulan mo na: (Gawain 1)

Gawain 2. Pagkatapos, bigkasin mo naman ang *pantig-silaba* na may tamang kumpas kagaya ng pagbigkas mo sa naunang mga numero.

Simulan mo na: (Gawain 2)

1. 


1 2 3 4 1 2 3 - 4 1 1 1 1

Da - a - a - a Da - a Da-a da da da da

Pansinin muli ang unang gawain sa itaas. May apat (4) na bilang bawat sukat. Ang mga pinagsasama-samang nota ay naaayon sa natatakhang kumpas na *apatan / quadruple meter* o $\frac{4}{4}$


Gawin mo rin ang pangalawang gawain gaya ng ginawa mo sa unang gawain. Ito ay may tatlong (3) bilang bawat sukat. Bigkasin mo muna ang *numero* sa ilalim ng mga nota at pahinga kasunod naman ang

pantig-silaba. Ang pinagsasama-samang mga nota at pahinga ay naaayon din sa natatakdang kumpas na *tatluhan / triple meter* o $\frac{3}{4}$



Habang ang pangatlong gawain naman ay may dalawang bilang bawat sukat. Ang pinagsasama-samang mga nota at pahinga ay naaayon din sa natatakdang kumpas na *dalawahan/ duple meter* o $\frac{2}{4}$.

Bigkasin mo rin ang *numero* at *pantig-silaba* na may tamang kumpas kagaya ng pagbigkas mo sa naunang mga gawain.




Lahat ng tatlong ginawa mong gawain ay tinatawag na **Hulwarang Ritmo o Rhythmic Pattern**.

Ang simple meter na dalawahan ay tinatawag din na $\frac{2}{4}$ *time signature*. May dalawang bilang ang bawat sukat. Ito ay karaniwang iniuugnay sa kilos o galaw na pag martsa.

Ang bilang nito ay 1-2|1-2|1-2|. Napapangkat ang mga bilang na ito sa pamamagitan ng paglalagay ng patindig na linya o *barline*.

Ang simple meter na tatluhan ay tinatawag din na $\frac{3}{4}$ *time signature*. May tatlong bilang bawat sukat. Ang bilang nito ay 1-2-3|. Ang *rhythmic pattern/hulwarang ritmo* na ito ay karaniwang sinasabayan ng sayaw na balse o *waltz*.

Gayundin ang apatan, tinatawag din itong $\frac{4}{4}$ *time signature*. May apat na bilang bawat sukat. Ito ay 1-2-3-4|. Ang pinagsasama-samang mga nota at pahinga sa bawat sukat na may apat na kumpas ay tinatawag na *rhythmic pattern/hulwarang ritmo*.



Pagyamanin

Panuto: Tingnan ang sumusunod na mga palakumpasan na may angkop na hulwarang ritmo. Ipalakpak mo ang bawat nota at tahimik lamang sa pahinga habang binibigkas mo ang *pantig-silaba*. Tandaan, isang nota, isang palakpak lang.

1. $\frac{2}{4}$ | |

Da da ____ da di - di - di - di da - a

2. $\frac{3}{4}$ | |

Da ____ da da da da da-a da di - di - di - di da-a

$\frac{4}{4}$ | |

Da-a-a-a da da da da da-a da-a da da ____ da



Isaisip

Ang *Hulwarang Ritmo* ay ang pinagsasama-samang mga nota at pahinga na binuo ayon sa nakasaad na *palakumpasan/time signature*.



Isagawa


Panuto: Punan ng tamang nota ang patlang upang mabuo ang hulwarang ritmo.






Tayahin

Panuto A: Isulat sa ilalim ng bawat nota ang katumbas na *pantig-silaba*.



Panuto B. Punan ng angkop na nota ang bawat patlang upang mabuo ang hulwarang ritmo.





Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng simpleng hulwarang ritmo na may dalawang sukat sa palakumpasang $\frac{2}{4}$.

Lagyan mo ito ng pantig-silaba. Ipalakpak ang nota at bigkasin ang nilapat mo na pantig-silaba.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

	1.
	2.
	3.
Isagawa:	

	1. - Buong nota, dahil may apat na bilang ang halaga o tagal ang kumpas nito
	2. - Waluhing nota, dahil ito ay may kalahati lamang na halaga o tagal ng kumpas nito
Tuklasin	

	1.
	2.
	3.
Tayahin A	